



Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

# 2



*Zest for Progress*
*Zeal of Partnership*

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Quarter 3 - Modyul 7:

## KALINISAN AT KAAYUSAN NG PAMAYANAN



**Name of Learner:** ___________________________

**Grade & Section:** ___________________________

**Name of School:** ___________________________



## Alamin

Magandang araw mag-aaral!

Naranasan mo na bang mapanatili ang kalinisan at kaayusan sa inyong pamayanan? At naranasan na ba ninyong sundin ang mga babalang pantrapiko, wastong pagtapon ng basura, pagtanim ng mga halaman sa paligid? Nagawa mo ba ang mga ito?

Ang paggawa ng ibat-ibang paraan upang mapanatili ang kalinisan at kaayusan sa pamayanan ay malaking naitutulong sa ating kapaligiran at sa ating kalikasan.

Sa iyong sariling pananaw, nararapat ba na panatilihin ang kalinisan at kaayusan ng ating pamayanan sa lahat ng pagkakataon? Ano ba ang kabutihang maidudulot nito sa ating kapaligiran?

Sa modyul na ito, iyong matutunan ang ibat-ibang paraan upang mapanatili ang kalinisan at kaayusan sa pamayanan.

Layunin ng modyul na ito ang gabayan kayo sa pagkamit ng kasanayang ito:

7. Natutukoy ang pagpapanatili ng Kalinisan at Kaayusan sa Pamayanan.

**EsP2PPP-IIIg-h-12**



## Subukin

Panuto: Ang larawan sa ibaba ay ilan sa mga pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan sa pamayanan.Iguhit ang masayang mukha  kung ito ay nagpapakita ng kalinisan at kaayusan sa pamayan at malungkot na mukha naman  kung ito ay hindi nagpapakita ng kalinisan at kaayusan sa pamayanan.

_____1. 

_____2. 

_____3.   ____4.   ____5. 

## Kalinisan at Kaayusan sa Pamayanan



### Balikan

Sa nakaraang modyul, inyong napag-aralan ang tungkol sa kalinisan at kaayusan sa paaralan, Panatilihin Ko! Sa modyul na ito, inaasahang mas mapapanatili ang kalinisan at kaayusan sa Paaralan at matutukoy dito ang ibat-ibang programang pampaaralan na makatutulong sa pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan ng pamayanan.

**Gawain:**

**Panuto:** Pag-aralan ang mga larawan na nasa ibaba at lagyan ng bituin kung ito ay nagpapakita ng kalinisan at kaayusan ng paaralan at bituin kung ito ay hindi nagpapakita ng kalinisan at kaayusan sa paaralan.

________1. 

_______ 2. 


________3. 

________4. 

_________5. 



## Tuklasin

Sa Bahaging ito, mapag-aralan mo ang ibat-ibang paraan upang mapanatili ang kalinisan at kaayusan sa pamayan.

Basahin ang diyalogo.

Linggo ng umaga. Nagwawalis si Rolan ng kanilang bakuran ng dumating si Rodel sa kanilang bahay.

**Rodel:** O, Rolan! Bakit nagwawalis ka pa dyan? Hindi ba't usapan natin mamamasyal tayo sa parke ngayon?

**Rolan:** Sandali lang! Syempre bago pa tayo umalis eh gusto ko munang makitang malinis ang aming bakuran. Alam mo bang marami ang natutuwa kapag malinis at maayos ang aming bakuran? Naglilinis ka rin ba ng inyong bakuran bago pumunta dito?

**Rodel:** Hindi nga eh! Tinanghali kasi ako ng gising. Ano naman ang gagawin mo sa mga tuyong dahon na iyan?

**Rolan:** Ang mga tuyong dahon na ito ay ilalagay ko sa compost pit para maging pataba sa mga halaman.

**Rodel:** Wala talaga akong masabi sa'yo Rolan! Saludo ako sa iyong kasipagan. Mabuti pa ay mamaya na tayo pumunta sa parke. Maglilinis din muna ako ng aming bakuran.


Sagutin ang sumusunod na tanong:

1. Bakit maagang pumunta si Rodel sa bahay nina Rolan?
2. Ano ang ginagawa ni Rolan nang dumating si Rodel sa kanilang Bahay?
3. Bakit nais Rolan na malinis at maayos ang kanilang bakuran?
4. Anu-ano ang magandang naidudulot ng malinis at maayos na kapaligiran?
5. Sa paanong paraan ka makatutulong sa pagpapanatili ng malinis at maayos na kapaligiran sa inyong pamayanan?



## Suriin

Suriin ang mga sumusunod na larawan.




### Pag-usapan natin

1. Anu-ano ang ipinapakita ng bawat larawan?
2. Nakikiisa ba ang mga mamamayan sa pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan ng pamayanan?
3. Bilang isang mag-aaral, bakit kinakailangan mong makiisa sa pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan ng iyong pamayanan?



## Pagyamanin

### Pagtatasa 1

Iguhit ang bituin ( ☆ ) sa patlang. Kulayan ito ayon sa kung gaano mo kadalas ginagawa ang sumusunod na gawain. Gamitin ang pamantayan sa ibaba:

**Pula** - Palagi kong ginagawa
**Dilaw** - Paminsan-minsan kong ginagawa
**Berde** - Hindi ko ginagawa

1. ________ Itinatapon ko ang mga basura sa tamang lalagyan.

2. ________ Ibinubukod ko ang basurang nabubulok sa di-nabubulok bago ko ilagay sa tamang lalagyan.

3. ________ Tinatapakan ko ang bagong tanim na halaman sa aming bakuran.


4. ________ Sinusulatan ko ang pader ng aming kapitbahay.

5. ________ Itinatapon ko ang aming basura sa tabing ilog.

### Pagtatasa 2


**Panuto:** Pag-aralan ang sumusunod na sitwasyon. Bilugan ang mga letra ng larawang nagpapakita ng pagpapanatili sa kalinisan at kaayusan ng pamayanan.

1. Kumain ka ng kendi. Ano ang dapat mong gawin sa balat nito?






2. Naglinis kayong magkapatid sa inyong bakuran. Ano ang dapat ninyong gawin sa naipong basura?







3. Nakita mong nagsusulat sa pader ang iyong kaibigan. Ano ang dapat mong gawin?







**Ating Tandaan**

Ang pakikiisa sa pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan ay pagpapakita ng pagsunod sa mga programa at proyekto ng pamayanan. Ito ay tanda ng pagmamalasakit sa ating kapaligiran at kalikasan.



## Isagawa

**Panuto:** Sa loob ng kahon. Gumuhit ng isang larawan na nagpapakita tungkol sa pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan sa pamayanan.



## Tayahin

**Panuto:** Basahin ang sumusunod na pangungusap. Isulat sa patlang ang **Tama** kung ito ay nagpapakita ng pakikiisa sa kalinisan at kaayusan ng pamayanan at **Mali** kung hindi.

1. _______ Itinatapon ko ang basura kung saan ko gustong ilagay.
2. _______ Inaalagaan ko ang mga halaman sa aming bakuran.
3. _______ Pumupunta ako sa palikuran kapag ako ay umiihi o dumudumi.
4. _______ Tumutulong ako sa pagwawalis sa aming paligid.
5. _______ Tinitingnan kong mabuti kung sa tamang basurahan ko itinapon ang basura.



# Susi sa Pagwawasto

**BALIKAN**
1.
2.
3.
4.
5.

**SUBUKIN**
2.
3.
4.
5.
6.

**PAGTATASA 1**
Ibat-iba ang sagot ng mga mag-aaral.

**PAGTATASA 2**
1. A
2. B
3. A

**TAYAHIN**
1. Mali
2. Tama
3. Tama
4. Tama
Tama

## Sanggunian


- Victoria Guia- Biglete, Maria Carla Mabulay- Caraan,Rolan Baldonado Catapay, Isabel Monterozo- Gonzales, Edukasyon sa Pagpapakatao- Ikalawang Baitang ( Inilimbag sa Pilipinas: Kagawaran ng Edukasyon, 2013 )p. 201-209
- Can we keep our surroundings clean, www. google.com, Dec. 16, 2020, https://bit.ly/2NaowAX
- Cutting tree, www. google.com, Dec. 16, 2020, https://bit.ly/2Z2J2WU
- Premium Vector, Kid throwing garbage in trash bin, www. google.com, Dec. 16, 2020, https://bit.ly/3q8A8Tk
- Environment clipart clean, Environment clean Transparent, www. google.com, Dec. 16, 2020, https://bit.ly/3d44lzz
- Studyladder, Online English Literacy & Mathematics- Throwing garbage in water Clipart, www. google.com, Dec. 16, 2020, https://bit.ly/3cWdQ3F
- 250 Child Throwing Garbage Illustrations, Royalty, www.google.com, Dec. 16, 2020, https://bit.ly/3a7Ymrz
- Garbage clipart, Garbage transparent, www.google.com, Dec. 16, 2020, https://bit.ly/37gFiph
- Planting Trees Man- Tree Planting Clipart Png., www. google.com, Dec. 16, 2020, https://bit.ly/3rEXfpe
- Sweep stock cliparts, Royalty Free sweeping vectors, www.google.com, Dec. 16, 2020, https://bit.ly/3jygq13
- A boy throwing garbage on street, www. google.com, Dec. 16, 2020, https://bit.ly/3p85po6



**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Raniel D. Dela Cerna
Teacher I, San Jose Elementary School,
District 7, Pagadian City Schools Division
**Tagasuri:** Riza L. Buca
Teacher III, San Pedro Central Elementary School, District 1
**Tagapamahala:** Danny B. Cordova, EdD, CESO VI, OIC-SDS
Ma. Colleen L. Emoricha, EdD, CESE, OIC-ASDS
Maria Diosa Z. Peralta, EdD, CID Chief
Ma. Madelene P. Mituda, EdD, LR Supervisor
Jovita S. Dugenia, EPS Module Coordinator.

## Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see A
poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear A
nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.